

Pinapetnubayan JAN 22 1984

ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Sa 16 na taong wasto at epektibong pamumuno mula nang muling itatag noong 1968, humaharap ang Partido Komunista ng Pilipinas sa napakapaborableng mga kalagayan. Mula sa pagiging maliit at mahina, ang Partido at ang kilusang pinamumunuan nito ay magkakamit ng laki at lakas sa di malayong hinaharap para tamuhin ang mapagpasyang tagumpay (pahina 2).

Mahalaga sa patuloy na bwelong ito ang masiglang tagisan ng mga ideya sa loob ng Partido (pahina 8) at ang sistematikong pagpaparami ng mahuhusay na kadre (pahina 10).

DISYEMBRE 1984

NILALAMAN

Editoryal	2
Welgang bayan	3
"Rebolusyong walang luha?"	5
Tagisan ng mga ideya sa loob ng Partido	8
Kadre ng Partido	10
Pakikipagkalakalan ng US	13
Welgang bayan, lumalaganap	16
Balita	18
Internasyonal	19
Sulat	20

'Maliit at mahina, tungong malaki at malakas'

Cinugunita sa buwang ito ang ika-16 na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas habang humahakbang nang malaki sa lahat ng larangan ng rebolusyonaryong pagpupunyagi; samantala, ang pasistang diktadurang US-Marcos ay kinahambalos ng pang-ekonomya't pampulitikang krisis na sa derating na mga taon ay papahirap na nitong mapanghawakan.



Malayo na ang naramating ng Partido sapul nang muling-pagkakatatag nito noong Disyembre 26, 1968 sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Nagsimula sa pagiging maliit at mahina ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan nito. Sa di malayong hinaharap, maidedeklara na natin nang may buong kumpanya na nakamit na natin ang sapat na laki at lakas para gapiin ang kaaway.

Susi sa malalaking pagsulong mula noong 1968 ang pagtatakda ng wastong linyang pampulitika, ang mahigpit na pagpapatupad dito, ang kahandaan ng Partido na matuto sa karanasan at magwasto sa kamalian, at ang kahandaan ng mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan na balikatin ang lahat ng sakripisyong kinakailangan.

Sa lahat ng mga pampulitikang pwersang lumalaban sa pasistang diktadura, ang Partido ang may pinakamalawak at pinakamalalim na ugat sa masang anakpawis at iba pang mamamayan. Ito ang may pinakasolidong organisasyon at pinakamalakas at pinakamatatag na armadong pwersa. At ang Partido ang may pinakamahigpit na ugnay sa mga progresibo't rebolusyonaryong organisasyon at mamamayan sa ibayong-dagat.

Nananatiling mapagpasya ang papel ng Partido at mga pwersang pinamumunuan nito sa larangan ng pakikibakang armado't di armado, sa hayag na kilusang masa at sa kilusang lihim, sa kalunsuran at sa kanayunan.

Sinasalamain ng ilang datos ang paglaki't pag-unlad mula 1968:

--Ang kasapiang ng Partido ay lampas-lampas na sa 30,000 iniulat noong nakaraang taon. Nakatalaga sila sa iba't ibang linya ng rebolusyonaryong gawain sa buong kapuluan.

--Ang bilang ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay lampas na rin sa 20,000 naiulat noong nakaraang taon. Naaarmasan sila ng mahigit 10,000 malalakas na riple at nakadeploy sa 59 larangang gerilya sa 59 na probinsya (sa kabuuang 73 probinsya sa kapuluan).

--Sa mga baryo, mayroon nang mahigit 6,000 rebolusyonaryong samahang masa; sa kalunsuran, ang Partido ay namumuno o may mabisang impluwensya na ang mahigit 350 pabrika at empresa at sa mahigit 300 iskwelahan.

--Ang kabuuang bilang ng mga aktibistang masang pambansa-demokratikong nakatalaga sa buong kapuluan ay mahigit nang 60,000.

Sa isang banda, ipinakikita rin ang bisa ng ating mga pagpupunyaging mulatin, organisahin at mobilisahin ang malawak na masa ng sambayanan. Sa kabilang banda, ipinakikita rin nito na marami pa tayong dapat gawin hanggang sa maibagsak ang kaaway na bagamat hilung-hilo sa hambalos ng sariling krisis ay malakas pa rin kaysa sa atin.

Kailangang ubos-kaya nating ipagpatuloy ang pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya at pagtatayo ng mga istableng baseng gerilya, at patatagin at palawakin ang hayag na kilusang masa at ang pambansang nagkakaisang prente laban sa diktadurang US-Marcos.

Habang kinukumpulo ng Partido Komunista ng Pilipinas ang 16 na taong pamumuno at pakikibaka, at bumabungad sa ika-17 taon, mas matatag ang rebolusyonaryong kumpanya't determinasyon nito na sumulong tungo sa mga bagong hamon at higit pang malalaking tagumpay.

Sa init ng kasalukuyang rebolusyonaryong klima, isang bago't mas mataas na porma ng pakikibaka ang sinusubok at pinapanday ng hayag na kilusang masang nakasentro sa kalunsuran. Ito ang welgang bayan.

Isang sinyal ito ng nagbabantang pag-siklab ng kasalukuyang rebolusyonaryong sitwasyon sa buong bansa. Paggigiit ito ng popular na sentimyento sa buong bayan na paigtingin ang pakikibaka sa lahat ng larangan ng labanan.

Ano ang welgang bayan?

Ang welgang bayan ay pangkalahatan at koordinadong multisektoral na pagkilos sa kalunsuran at masaring sumaklaw rin sa mga kanayunan. Ang pinakatampok na anyo't pinakakagyat na epekto nito ay ang paralisisasyon ng normal na aktibidad ng lipunan at pagkakauga ng pang-ekonomya't pampulitikang pundasyon ng pasistang estado.

Ang mga welgang bayan, laluna ang mga tahasang pampulitika, ay pag-igpaw sa kalidad at porma ng kilusang protesta mula sa entas ng mga rali't demonstrasyon. Sa welgang bayan, ang popular na simpatya sa mga rali't demonstrasyon ay naisasalin sa popular na aksyon ng malaking bahagi kundi man mayorya ng populasyon mula sa antas ng pagpapahayag ng pagtutulong-tungo sa pagbigwas sa kaaway. Pagbigwas sa kaaway ang paralisisasyon ng industriya, transportasyon, edukasyon, komersyo at burokrasya. Hindi man nito nadudurog, gaya ng nagagawa ng armadong pakikibaka, nauuga naman nito ang mga pundasyon ng pasistang estado.

Sa kaparaanan ng pagsulong ng mga welgang bayan, dapat na mapaulad na

Welgang bayan Bigwas sa kaaway sa kalunsuran

salalayang lakas nito ang pangkalahatang welga ng proletaryadong industriyal sa mga pangunahing lunsod ng bansa.

Ito ang titiyak sa tigas, lalim at talas ng welgang bayan. Sa mga sentrong bayang maliit ang proletaryadong industriyal, ang pangunahing lakas ay magmula sa malaproletaryado, katulong ang petiburgesya. Sa mga syudad at kabayanang sakop o kanayunan ng mga larangang gerilya, gaganap ng natatanging papel ang kilusang magsasaka at ang hukbong bayan, laluna ang masaklaw na impluwensya at epektong pampulitika ng armadong pakikibaka.

Sa mabilis at istrategikong paralisisasyon ng normal na aktibidad, gaganap ng susing papel ang pangkalahatang welga ng malaproletaryado sa linya ng transportasyon. Motibong pwersa rin ng welgang bayan ang paralitang lunsod. May partikular silang kahalagahan sa pagtatayo't pagpapalakas ng mga barikada na importanteng sangkap ng welgang bayan. Ang pangkalahatang boycott ng mga istudyante ang titiyak sa pangkalahatang katangian ng welgang bayan, laluna't mahig-



pit ang ugnayan nila sa mga panggitnang pwersa. Sila ang pinakamataasahang pwersa sa malawakang pagpopropaganda. Ang pakikibaka ng iba't ibang sektor ng panggitnang pwersa (laluna ng mga may-ari ng mga istablisimyento sa komersyo) at burges na oposisyon ang magbibigay ng buong epekto ng welgang bayan at magpapapuroi sa mga pasistang stake.

Sa papalawak at papatinding paraan, paulit-ulit na ibubunsod ang mga welgang bayan bilang isang serye. Hakbang-hakbang at baha-bahagi itong isinusulong--mula sa pagsasalungat sa ganap na paralisan; mula sa maikalan tungo sa mga sustinadong welgang bayan; mula sa simpleng pagtutol tungo sa pagkakamit ng may kalakihang mga konsesyon mula sa kaaway; mula sa paglahok ng mga organisadong seksyon lamang tungo sa buong mobilisasyon ng bawat sektor; mula sa ilang pangunahing lunsod at rehiyon tungo sa pambansang saklaw; mula sa pangunahi'y pang-ekonomiya tungo sa tahasang pampulitikang pakikibaka; mula sa koordinadong welga sa ilang lugar tungo sa pangkalahatang welgang industriyal; mula sa mga lantay na pampulitikang welgang bayan tungo sa mga welgang bayan na may malinaw na sangkap na militar.

Ang direksyon ng pagsulong nito ay tungo sa pagbabandila sa pagbabagsak sa diktadurang US-Marcos at pagtatayo ng demokratikong pamahalaang koalisyon. Kung ano ang magiging bandilang islogan sa bawat paglulunsad ng welgang bayan ay magdedepende sa maraming salik. Ngunit sa bawat okasyon, ang pangkalahatang panawagang ito na kongkretong ekspresyon ng pangkalahatang linya ng Partido ay sadya't kagayat nating pinatatampok at ipinauunawa sa pinakamalawak na hanay.

Kahalagahan

Ang kalunsuran at kabayanan ay bumubuo ng isang mahalagang larangan ng labanan ng demokratikong rebolusyong bayan. Malaki ang maitutulong ng mga welgang bayan upang magampanan ng rebolusyonaryong kilusan sa lunsod ang bahagi nito sa kabuuang pakikibaka.

Malaki ang kahalagahan ng mga welgang bayan sa ibayong pagpapatindi sa pampulitikang pagkakasukol ng diktadurang US-Marcos; pagpapalakas ng propaganda't pagtataguyod sa rebolusyonaryong pakikibaka at pagpapalawak ng organisadong pwersa ng rebolusyon; pagpapahaling sa mga panggitnang pwersa sa rebolusyonaryong pakikibaka, pagpapalakas sa Pambansa-Demokratikong Prente (NDF) at pagpapalawak ng pandaigdigang suporta sa

pakikibaka ng sambayanan; at pagpapaligting ng mga kontradiksyon sa kampo ng mga reaksyonaryo na epektibong nakapagpapahina sa kabuuang lakas ng kontrarebolusyon.

Isang taktikal na direksyon ng pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa lunsod--bago pa ang pag-agaw ng kapangyarihang pang-estado sa panahon ng istrategikong opensiba at mga armadong insureksyon--ang paglulunsad ng mga popular na pag-aalsa na koordinado sa pangkalahatang pagsulong at pag-igting ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Ang paglulunsad ng serye ng mga welgang bayan ay masaklaw at mabisang pampulitikang paghahanda sa mamamayan para dito. Ang pag-igting ng mga welgang bayan sa antas-pampulitika ay mapagpasyang paglapit tungo sa ganitong direksyon. Pinasisilip nito sa atin, sa kongkretong paraan, ang mga sangkap at usapin sa paglulunsad ng mga popular na pag-aalsa at mismong insureksyon sa kalunsuran.

Bago pa man marating ang antas ng mga popular na pag-aalsa, at bilang paghahanda tungo rito, may malaking kabuluhan ang paglulunsad ng mga welgang bayan sa masaklaw na pagpapaunlad ng rebolusyonaryong pagkilos at sitwasyon sa kalunsuran. Sa lihim at ligal na pagkilos, sa pagbubuo ng Partido, pagsuporta sa armadong pakikibaka at pagtatayo ng nagkakaisang prente, sa pagpapanday sa masa sa mga pampulitikang pakikibaka at malawakang pagkilos, sa pagpapakalusay sa taktika, at pagdisarna sa kaaway sa pulitika--sa lahat ng ito'y sari ng malalaking tagumpay ang prenteng anti-diktadura sa pamamaglat ng mga welgang bayan.

Rekisitos

Ang paglakas ng ating suhetibong pwersa 'kapwa' sa lihim at hayag na larangan ang pinakaimportanteng salik sa paglulunsad ng mga matagumpay na welgang bayan at pagsulong nito sa antas-pampulitika. Ito ang tumitiyak sa rebolusyonaryo't militanteng pamumuno at masasahang gulugod ng welgang bayan.

Ito ang tumitiyak na malilikha o masusunggaban ang mga pagkakataong inisalak ng napakahusay na sitwasyon. Tanda ng rebolusyonaryong sitwasyon ang paglaki ng papel ng ispontanyong salik sa pagsiklab ng mga pakikibaka kahit sa larangang pampulitika. Ngunit tanda ng kakulangan pa ng ating pwersa na ito'y di lubusang mapakinahangan o mapamunuan. Sa kalagayang napakainam ng sitwasyon at napakainit ng ispontanyong salik, hindi rekisito sa pagsiklab ng welgang bayan ang napakalaking organisadong

pwersa. Ang mahalaga ay ang kahandaan ng ating suhetibong pwersa na pamunuan ito, lubusin ang tagumpay at sustenahan kung makakayanan at kinakailangan.

Ang pagpapalakas na ito ng ating mga suhetibong pwersa ay dapat magbunga ng ibayong pagpapalakas sa mga sektoral na kilusan. Ang kaigtingan ng mga welgang bayan ay magdedepende sa kaigtingan ng mga kilusang ito. Sa katunayan, ang mas madaling pagpapasiklab ng mga welgang bayan ay mangyayari batay sa buelo's pwersa ng mga kilusang ito. Sa kaparaagan naman ng mga welgang bayan, lalong makapag-iipon ang mga ito di lang ng lakas kundi pag-igting ng pagsulong.

Ang pagpapabilis pa sa pagpapaunlad ng kilusang manggagawa ay isa sa ihinahabol natin sa kasalukuyan, laluna't napakabilis ng pag-unlad ng kalagayan. Sa ibang mga bayan, malaking salik sa mga pangkalahatang welga ang pagkakaorganisa ng mga manggagawa ayon sa mga linya ng industriya. Wala pa sa ganitong antas ng unyonismo ang kilusang manggagawa sa Pilipinas.

Gayunman, binabawi natin ang disben- taheng ito sa pamamagitan ng mga alyan- sang may iba't ibang antas at katangian ng saklaw, pagpapaunlad ng mga pederas- yong tumatawid sa iba't ibang linya ng industriya, paglalatatag ng masaklaw na kilusang lihim, at pagpapalakas sa mga pwersa natin sa mga istrategikong linya ng industriya at malalaking pabrika sa mga purok ng industriya. Sa pagpapa-

sulong ng kilusang manggagawa tungo sa pagkakamit ng kakayahan sa pangkalahatang welga, napakalaking salik din ang umiral na rebolusyonaryong sitwasyon at malawak na impluwensyang pampolitika ng armadong pakikibaka sa kanayunan, at, sa kabilang panig, ang ibayong represyon ng estado.

Ang kahalagahan ng pagtatayo't pagpa- palakas ng mga hayag na sentro ng pamu- muno't koordinasyon ay lalong bumibigat sa paglulunsad ng mga welgang bayan dahil sa masaklaw at multisektoral na katangian nito. Sa pag-igting ng sitwasyon, mula sa dalawang magkasalungat na direksyon ng pagsulong ng pakikibaka't pagtindi ng reaksiyon, kailangang matiyak na naka- kaagapay ang pagsulong sa gawaing alyansa sa pagsulong ng mga kilusang sektoral ng batayang masa.

Isang krusyal na usaping pantaktika ang wastong pagdadala't pagkukumbinasyon ng iba't ibang islogan at kahilingang pampolitika't pang-ekonomya, na nababagay sa antas ng pakikibaka at sa komposisyon ng mga kalahok na pwersa, at umaalinsunod sa rebolusyonaryong linya ng pagsulong. Kung paano tatahiin ang iba't ibang par- tikular na islogan sa isang bandilang islogan o islogang pampakilos ay lubos na humahamon sa katalasan at pleksibi- lidad natin sa taktikal na pamumuno, at linaw at lalim ng pagkakasapol sa rebolusyonaryong linya ng Partido. Sa usaping ito nakasalalay ang maksimum na rebolusyonaryong tagumpay na makakamit sa bawat paglulunsad ng welgang bayan. @

"Rebolusyong walang luha"?

Sa lahat ng usaping pampolitika, ang kumpulan ng lahat ng klase ng repormis- tang haka-haka ay ang usapin ng kapang- yarihang pang-estado na isang pundamental na usapin ng alinmang rebolusyon. Kapag ang rebolusyon ay nasa kasagsagan, muling pinapaluso ang ganitong mga ilusyon para ilinis ang bayan sa rebolusyonaryong landas.

Isang miserableng halimbawa ang sinasabing "rebolusyong walang luha" ng ilang petiburges na intelektwal na kailangan pang ayusin mula sa kanilang mga pantasya nilagay sa estado at rebo- lusyon. Ang pangarap nilang "maligayang" rebolusyong "walang luha" sa totoo'y isa lang bagong bersyon ng lumang rebo- lusyong "mula sa puso." Isang rebolus- yong mas tumatapat sa "nakangi- ting" batas militar ng rehimen kaysa sa tunay na buhay-at-kamatayang paki-

kibaka ng mamamayan sa diktadurang US- Marcos.

"Mapayapang rebolusyon"

Bahagi ng arsenal ng rebolusyon ang mga ligal at di armadong porma ng pag- laban. Tayo'y di susulong nang di lubu- sang ginagamit ang mga taktikang ito. Angunit itinatakda ng kalagayan ng lipman na armado ang pangunahing karakter ng rebolusyong ito.

Alinsunod dito, binibigyan natin ng kaukulang pagpapahalaga ang malaking papel at ambag sa rebolusyonaryong paki- kibaka ng mga di armadong paglaban ng mga militanteng pwersang pampolitika na pinamumunuan natin o ng iba.

Ngunit ibang bagay ang malakihin ang mapayapang pakikibaka sa antas ng pag-

kutya sa armadong rebolusyon, gaya ng ginagawa ng ilang petiburges na intelektwal na masyadong pinaalaki ang papel ng pagmimiron sa rebolusyonaryong hanay. Isinusulong nila nang isang hakbang ang militanteng ligal na pakikibaka sa wastong pananawagan ng malawakang sibil na pagsuway. Ngunit sa kanilang mga repormistang haka-haka--pinagkakamalang rebolusyon ang sibil na pagsuway--tina-tangka nilang iatras ang rebolusyonaryong

pakikibaka nang dalawang hakbang. Mahusay sila sa pagtuklas ng mga bagong porma ng di armadong pagkilos. Ngunit sa kanilang mga repormistang ilusyon--ihinahalili ang kanilang mga suhetibong kagustuhan sa hinihingi ng obhetibong kalagayan--ang nasisiyahan ay ang mga pasista, hindi ang masa.

Ang mga repormistang ilusyong ito ay batay sa mga idealistang pagtanaw sa kalikasan ng estado, sa mga pangarap sa harmonikong pagsasamahan ng mga uri, sa mga krudong pag-iimbento ng kasaysayan, at sa petiburges na paghamak sa kakayahan ng mamamayan.

Ang kanilang pulitika ay ualinog sa pananaw na ang kapangyarihang pang-estado ay simpleng usapin ng pagsunod, at ang rebolusyon ay simpleng usapin ng pagsuway, ng mamamayan sa isang rehimen. Tinatangka nilang burahin ang tunggalian ng uri sa simpleng lohikang "walang t-rano kung waring-alipin." Sa simpleng salita, ang mamamayan mismo ang nasisisi sa pag-iral ng pasistang rehimen.

Sa paggigiit ng "mapayapang rebolusyon," kinukutya nila ang armadong pakikibaka: anila, ito'y isang desperado at depensibong alternatiba. Umaabot pa sila sa pagtititay sa kabiguan nito: para sa kanila, ang larangan ng armadong labanan ay dilwarte ng lakas ng kaaway. Dahil di makatindig sa sariling lohika ang kanilang mga haka-haka, pinapalsipika nila ang kasaysayan gaya ng laging ginagawa ng mga palsipikadong intelektwal. Pinalalabas nila na sa nakaraang dalawang dekada ang naging dominanteng elemento kapwa sa mga matagumpay at di matagumpay na popular na kilusan ay ang agos ng mga di marahas na aksyon. Wala silang binabanggit na kahit isang karanasan sa isang bayan na magpapatunay nito.

Ito ang ambisyong iangat ang teorya at praktika ng "mapayapang rebolusyon" sa antas ng ayensya: paglipad sa alapasp ng mga pantasya. Palibhasa'y nakalutang sa pangunahing agos ng rebolusyonaryong praktika, kumportable silang nangangarap ng mga mahinabon at maligayang rebolusyon mula sa kanilang mga kumportableng silya.



Inaakala nilang ang kakayahang magsa-kripisyo at lumaban ng malawak na masa ay mapapantay lang sa kanilang mga petiburges na pag-uurong-sulong. Kung lubog lamang sila sa kilusan ng masang anak-pawis, makikilala nila ang kagitingan ng masa at ang kabuktutan ng estado, at bibitiwan nila ang kanilang mga haka-haka.

Armadong rebolusyon

Ang konsepto ng armadong rebolusyon ay nakabatay sa wastong pagkilala sa kalikasan ng estado, sa obhetibong batas ng tunggalian ng uri, sa kasaysayan ng mga rebolusyon sa buong daigdig, at sa rebolusyonaryong kapesidad ng mamamayan.

Ang estado ay ispesyal na organo ng makauring panunupil, isang makinarya ng sistematikong karahasan ng mga naghaharing uri laban sa mga pinaghaharian. Ito ang esensyal na kalikasan ng estado na di maintindihan ng mga nabubulag sa mga liberal na haka-haka.

Ang kapangyarihang pang-estado ay ginagamit ng mga naghaharing uri para marahas na supilin at pwersadong pasunurin ang mga pinaghaharian. Ang kapangyarihang ito ay di nakabatay sa kusang pagsunod o kaya'y simpleng pagsuway ng mga pinaghaharian. Bagay, sa lakas at bangis ng mga pangunahing instrumento ng panunupil--ang hukbo't pulisya.

Ang kapangyarihang pang-estado ay nakasandig sa pwersa ng armas sapagkat

10/10/10

Liunang nahahati sa mga uri
mababawing liunang. ang

ang mga kagamitan sa produksiyon na kailangan para matataguy sa ganitong lipunan ay kontrolado ng mga mapagsemanalang uri. Hanggat kontrolado nila ito, mana-

477

Kagamitan sa p
kasingkapan

Hindi mararating ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kasalukuyang antas ng lakas at antas ng pakikibaka kung hindi ito pangunahing umasa sa armadong paraan ng paglaban at lubusang nagtivala sa kakayahan at kahandaan ng sambayanan na ito'y itaguyod hanggang sa ganap na tagumpay. Pinatutunayan ng karanasan na ang pangunahing kinasisindakan ng pasistang estado ay ang armadong mamamayan sapagkat batid niya na tanging ito ang may kapangyarihang gapiin at durugin ang salalayan ng kanyang lakas-- ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP). Pinatutunayan ng karanasan na hindi inalintana ng rebolusyonaryong mamamayan ang anumang klase ng karahasan at kabuktutan ng kaaway at buong tatag na sumusulong sa kabila ng lehat ng ito. Pinatutunayan ng karanasan sa ilalim ng diktadurang US-Marcos na ang kalayaan at demokrasya para sa sambayanang Pilipino ay hindi maipagwawagi nang walang luha, dugo't buhay na iniialay sa larangan ng pakikibaka.

Sa loob ng Partido

Pasiglahin ang tagisan ng mga ideya!

Wasto at malakas na pamumuno ang pinagpupunyagiang maibigay ng ating Partido mula pa nang muling itatag ito noong 1968. Wasto at malakas na pamumuno sa kabuuang pagmamartsa ng rebolusyon at sa bawat hakbang nito. Wastong pamumuno ito na sinasalamin ng praktikal at matagumpay na mga programa't patakaran ng Komite Sentral at ng mga komite sa iba't ibang antas; malakas na pamumuno ng buong Partido na dinadala ng pursigido, mapanlikha at disiplinadong pagkilos ng buong kasapihan.

uno
Ngunit paano binubuo ang wastong mga ideya para sa wastong pamumuno? Saan nakabatay ang kakayahan ng kasapihan para sa disiplinado, pursigido at mapanlikhang pagkilos? Malaking papel ang ginagampanan dito ng aktibo at makaprinsipyong tagisan ng mga ideya sa loob ng Partido.

Tampok na anyo ang napakaraming masinainang mga talakayang abutin man nang magdamag ay di pinanghihinayangan, makamit lang ang pagkakaisa sa wastong resolusyon para sa matagumpay na rebolusyonaryong pagkilos.

uno
Ngunit may mga kasapi ng Partido na di pa nag-aambag ng makakaya sa ganitong masiglang mga tunggalian sa loob ng kinabibilangan nilang mga komite at yunit. Kuntento na sila sa pakikinig, sa pagmaniyutral. Mayroon pa ngang nagkikiikim ng kanilang mga paninindigan habang nagpupulong, *uno* ngunit ipinahahayag ang kanilang mga pagtutol sa labas ng kolektiba at di ganado sa pagpapatupad ng mga napagkakaisahan. Di pa nila sapat na nagkakaisa ang kahalagahan ng aktibong paglahok nila sa ganitong mga tunggalian, para sa lalong ikalulusog ng Partido at ng pamumuno nito sa rebolusyon.

Pagbubuong pang-ideolohiya

Esensyal sa pagtatayo ng Partido ang Marxist-Leninistang pagbubuong pang-ideolohiya, na nagtatatag ng batayan ng pagkakaisa at gabay sa kongkretong mga pagsusuri, paninindigan at pagkilos ng Partido. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paggagap sa mga ideyang wasto at proletaryo at paggapi sa mga burges at mali. Sa tagisan nahahalukay ang

uno
mga batayan ng magkatunggaling mga ideya, sa tagisan nailalabas at natitimbang ang mga reserbasyon at katanungan ng mga kasama, at sa tagisan nakakamit ang kalinawan at ang mahigpit na pagkakaisa sa pagkatig sa tama.

Tinutuhog ng malusog na pang-ideolohiyang tunggalian sa loob ng Partido ang walang tigil na pakikipagsagupaan ng kaisipang proletaryo sa kaisipang burges (na nangingibabaw pa sa lipunan at patuloy na iiral habang may mga uri), at ng pag-unlad ng kaalaman ng tao para gaplin ng mga ideyang wasto ang mga ideyang mali o depektibo. Pinapanday ng mga tunggaliang ito ang kakayahan ng mga kadre't kasapi na magsuri at magpasya sa iba't ibang usapin sa pagrerebolusyon. At sa sandaling tumigil ang pakikitunggali ng Partido sa mga burges na ideya, titigil na rin ang buhay mismo ng Partido.

uno
Ngunit bakit mayroong mga mulat o di mulat na umiwas sa ganitong mga tunggalian? Responsibilidad ng Partido, ng namumunong komite sa bawat antas, na suriin ito at ilatag ang paborableng kundisyon para aktibong mapalahok ang lahat ng kasapi sa ganitong mga tunggaliang panloob.

Wastong pananaw, panamaraan

Dapat ilinaw at panghawakan ang layunin ng pang-ideolohiyang mga tunggalian sa loob ng Partido: pagpili ng Partido kung aling mga ideya ang wasto at kapakinabang sa ikasusulong ng rebolusyon, at pagkakamit ng mahigpit na pagkakaisa sa pagtataguyod ng mga ideyang ito at pagtatakwil sa katunggaling mga punto at panukala.

uno
Ang bawat kalahok, samakatwid, ay dapat bukas na bukas sa ideya ng iba, matatag na naninindigan sa pinaniniwalang tama habang handa ring bitawan ito kapag napatunayan niyang mali nga o depektibo.

Dahil sa ganitong layunin, ang mga tunggalian sa loob ng Partido, sa pangu-nahin, ay tagisan ng mga ideya, hindi tagisan ng mga kasama mismo. Sa karanasan natin, madalas-dalas na papepersonal ang mga tunggalian--nagkakasamaan ng loob, nagkakampi pang parang mga barkada, nagpaparaan nang di makaprinsipyo.

nakabatay sa prinsipyo



o nagpapatigasan naman at humahantong sa pamamayani ng init ng ulo at sa paghihiwalay. Kailangang magpunyagi ang mga kasama na mapigilan ang ganitong nakapinsalang kumplikasyon, na nagbunga rin ng pagtamlay sa ganitong mga tunggalian. Panghawakan nating maging mahigpit ang pinakalayunin ng mga tunggalian sa loob ng Partido at panatilihin malusog at makapinsil ang mga ito.

Mahalagang gabay ang prinsipyang itinuro ni Kasamang Mao: "pagkakaisa-tunggalian-mas mahigpit na pagkakaisa." Nagkakaisa na tayo antimano sa pagtataguyod ng proletaryong ideolohiya, sa pambansa-demokratikong linyang pampulitika, at sa mga patakarang at ating organisasyon. Nagkakaisa na rin tayo sa layunin ng mga tunggaliang panloob sa Partido, sa pangkalahatan, at sa layunin ng partikular na talakayang idinadaos. Matutungkulan at makagabay ang mga pagkakaisang ito sa proseso ng pagtutunggalian tungo sa mas mahigpit na pagkakaisa.

Dagdag na paalala: ang anyo at tindi ng pakikitunggali ay ibagay natin sa bigat at importansya ng pinagtutunggalian, ipang maituon ang pinakamalaking atensyon at enerhiya sa pinakaimportanteng mga usapin at maiwasan ang mga komplikasyon ng sobrang atensyon o sobrang diin. Mahalaga ito sa pagdadala ng pakikitunggali sa mga kadreng nagkakamali. Habang sa isang panig ay kailangan ang puspusang pakikitunggali sa kanilang mga kamalian, dapat ding tulungan silang magwasto bilang kasama.

Sa mga pulong, ang talakayan ay pinahahantong natin sa isang praktikal na resolusyon. Iniwasan natin ang walang-tigil na debate, ang pag-uulit-ulit na lamang ng nasabi nang mga argumento, nang hindi humahantong sa praktikal na resolusyon. Ang mga resolusyon ay may bisa ng patakarang, at sinasaklaw ng pinagkaisahan kahit ang mga kasaping di ganap na kumbinsido sa pagpapayuhan ng nakatarami. Sa madaling salita, sinasaklaw ito ng demokratikong sentralismo.

Mahalaga sa pagdadala ng mga tunggalian sa loob ng Partido ang pagiging

tapat at responsable ng mga kasama. Paghandaan ng bawat kasama ang mga talakayan, sabihin ng bawat isa ang lahat ng argumentong nakikita para sa magkabilang panig ng usapin, at makinig, makipag-aralan at makipagkumbinsihan nang matapat sa isa't isa.

Paglabas naman sa diskusyon, maaaring ilahad sa responsableng mga kasama ang nagaganap na tunggalian sa diwa ng pagbabahagi ng karanasan. Dapat lamang ipahayag nang wasto at kumpleto ang pangunahing mga punto at batayan ng magkabilang panig ng tunggalian. Mahalaga ito para maiwasan ang mga di pagkakauunawaan o ang paglaki't pagtagal ng mga ito, at para sa pagiging makatarungan natin sa bawat kasama.

Napakaraming usapin

Napakaraming praktikal at teoretikal na usaping kailangang resolbahan ng mga komite at yunit ng Partido para isulong ang gawain sa kani-kanilang saklaw. Mahusay na materyal ng masiglang pagtutunggalian ng mga ideya ang naipon at napanulad nating mga karanasan sa pagbubuo ng Partido, armadong pakikibaka, pagkakaibang prente, panlipunang pagpapayuhan, at pagbubuo ng mahusay na mga taktika, iba't ibang patakarang at programa. Anong yaman naman ng mga karanasang napagbabatayan natin ng pagtatagisan ng mga ideya!

Napakahalaga para rito ang mahigpit na pagkakaisa at pagtutulungan ng mga kadreng may kalamangan sa teorya at ng mga nakabihigit naman sa karanasan, para wastong mailapat ang teorya at maiangat naman sa antas nito ang praktika. Sa ganitong pagsasalubong at paglalapat bumubukal ang napakaraming usaping maaari at dapat paksain ng mga talakayang pormal at impormal.

Mahalagang kamtin ng bawat kadre ng Partido ang kaalamang kongkreto at teoretikal na sapat para aktibo at epektibong makalahok sa mga talakayan, malinaw

na maipaliwanag ang mga plano't patakaran sa mga pinamumunuan, at higit sa lahat, magamit ang lahat ng ito sa matagumpay na praktika.

Mahalagang gamitin ang lahat ng daluyan ng mga panloob na tunggalian, bukod sa ordinaryong mga pulong--ang kolektibo at indibidwal na pag-sasal, pagtatasa at paglalagom, pamumuna at pagpuna sa sarili, pagpapalitan ng mga dokumento at ng mga komentaryo sa mga ito, impormal na kumbinsihan, mga artikulo at sulat sa Ang Bayan at iba pang lathalain ng Partido, at marami pang iba.

Napahantong na ng wasto at malakas na pamumuno ng Partido ang rebolusyonaryong pakikibaka sa kasalukuyang antes, sa kasalukuyang yugto ng pakikidigma. Napakapaborable ng mga obhetibo at suhetibong kalagayan para patuloy na maging matagumpay ang proletaryong pamumunong ito.

Mapagpasya sa wastong pamumuno ng Partido ang aktibong pang-ideolohiyang mga tunggalian sa loob nito. Ipagpatuloy natin ang malusog na tagisan ng mga ideya at palahukin sa mga ito ang buong kasapihan.

Sistematikong paramihin:

MGA KADRE NG PARTIDO

Mga kadreng nagpapakadalubhasa sa Markista-Leninistang teorya at praktika,

mga kadreng puspusang nagsusuri't nagbabalangkas ng wastong mga plano at patakaran, mga kadreng nagpupunyagi sa pang gawing mga kongkretong tagumpay sa pakikibaka ang mga ito. Nakasalalay sa ganitong mga kadre ng Partido ang wasto at mabisang pamumuno nito.

"Kapos tayo sa kadre!" karaniwang daing sa iba't ibang bahagi ng ating organisasyon. Kapos daw tayo sa mga taong mangunguna sa dumarami, nagsasanga-sanga at nagiging kumplikadong mga gawing administratibo, pang-edukasyon, pampolitika, militar, pangkultura at iba pa.

Ngunit ang totoo, napakaraming kasapi ng Partido na pwedeng paunlarin bilang mga kadre. Ang kailangan ay makilala natin sila at mapagtuunan ng praktikal at sistematikong programa ng pagpapauunlad. Gawin nating isang kongkretong target ang pagpapauunlad ng maraming kadreng mula sa masang anakpawis para humawak ng responsibilidad sa panlarangan, panrehiyon at pambansang antas.

Ang mga programa ng pagpapauunlad ng kadre ay dapat may ganap na pagsasalang-alang sa kung anong mga katangian ang kailangan nating linangin sa mga kasama para mahubog sila bilang mga kadre.

Katangian ng mga kadre

Pangunahing katangian ng mahusay na kadre ng Partido ang ganap na katapatan sa ipinaglilaban ng uring manggagawa

at sa Partido nito. Karugtong ng katapatanang ito ang mulat na disiplinang bakal.

Matatag na isinusulong ngayon ng mga kasapi ng Partido ang pambansa-demokratikong rebolusyong pahahantungin sa sosyalismo at komunismo. Sa maraming kahirapan sa mahabang landas ng pakikibaka, nasusubok at napapanday ang kakayahang ipailalim ang personal na interes sa interes ng Partido at ng rebolusyon.



Di ilang kasama ang nakapagpapatunay na ng ganap na katapatan ito sa pamamagitan ng pananatiling matatag sa pagkakahibag ng kaaway o sa mismong pag-aalay ng kanilang buhay.

Ang isang kadre ay dapat may taos-pusong kagustuhan at determinasyong maging malapit sa masa, sa kanilang kalagayan at interes. Sa ganito'y patuloy na napatatag ang kanyang proletaryong determinasyong paglingkuran ang sambayanani; at sa ganito rin ay natutulungan siya sa paglahok sa pagbubuo ng mga plano at patakarang lumalapit sa tunay na kalagayan at kakayahan ng masa.

Bawat kadre sa anumang pwesto'y dapat mangalaga ng ugnay sa masa. Ang mga kadre sa isang antao ng organisasyon ay dapat magpanatili ng buhay na ugnayan sa masang kasapiang nasasaklaw, at panapanahon man lamang ay makisapin sa mga taong nasa labas ng organisasyon.

Natural sa mga kasamang mula sa masang manggagawa at magsasaka ang maging malapit sa kalagayan at mga mithin ng malawak na masa. At karamihan sa ating mga kadre ay malayang nakakikilos sa piling at unahan ng masang nakikibaka, laluna sa mga sona at baseng gerilya.

Gayunma't pinakamahalaga, di sapat ang ganap na katapatan sa ipinaglalaban at ang higpit ng ugnay sa masa ay dapat maging mahusay na kadre ang isang kasama. Napakahalaga laluna ngayon ang kakayahan ng ating mga kadre na mag-isang makita ang sariling kalagayan, magtakda ng isang pisipikong direksyon ng pagkilos, at mangahus na umako ng responsibilidad sa pagdidisasyon.

Bunga ng pagiging kapuluan ng ating bayan, kailangan ang maraming kadre, laluna sa mga islang rehiyon, na may kakayahang kumilos at mamuno nang di nakapaganggap ng madalas na paggabay ng pambansang pamunuan. At habang bumibilis ang mga pag-unlad ng sitwasyong pampulitika, kinakailangang magap at mapangahas na makapagsuri at makapagplano ang mga kadreng bumubuo ng mga namumunong komite. At dahil nagtatayo tayo ngayon ng paparaming komiteng namumuno sa iba't ibang saklaw ng teritoryo at linya ng gawain, kailan ang mas maraming kadreng may ganitong kakayahan.

Sa ganito nahihirapan ang maraming kasapi ng Partido laluna ang mga nagmumula sa uring magsasaka at mga pambansang minorya. Di madaling mabuo ang kanilang kumpanya sa sarili, ang pangangahas, at ang mismong kakayahang magap at matatalas na makapagsuri sa mabilis na nagbabagong kalagayan. Malakas ang tenden-

"Ano ang dapat maging pangunahing mga pamantayan natin sa pagpili ng mga kadre?"

"Una, absolutong debosyon sa ipinaglalaban ng uring manggagawa, katapatan sa Partido...."

"Pangalawa, ang pinakamalapit na maaaring tubiran ugnay sa masa."

"Pangatlo, ang kakayahan na mag-isang makilala ang kanyang kinalalagayan at pangunahan at di matakot na umako ng responsibilidad sa pagdidisasyon. xxx"

"Pang-apat, disiplina at Bolshevik na pagtigas sa pakikibaka.... xxx"

"Dapat isama ng ating mga namumunong kadre sa kaalaman kung ano ang gagawin--ang istaminang Bolshevik, ang rebolusyonaryong tatag ng pagkatao, at ang determinasyong isagawa ito."

GEORGI DIMITROV

"Pagkakaiba ng Uring Manggagawa
Loben sa Pasismo." (1935)
Ang Nagkakaisang Prente

syang iasa laluna sa mga kadreng mula sa petiburgesya ang paghaharap, pagpapaliwanag at pagtitimbang ng mga ideya. Gayundaman, sa yaman ng kanilang karanasan, at sa kahandaan nilang matuto bunga ng katatagan ng kanilang paninindigan, ay maaaring maksimisahin para mabilis at sistematiko silang mapaulad at masanay bilang mga rebolusyonaryong intelektwal at ispesyalista.

Habang tumutulong sa mga kadre mula sa hanay ng masang anakpawis, ang mga kadre mula sa mga saray ng burgesya ay dapat matuto sa kanila, laluna sa mga kadreng manggagawa, sa pagiging matatag sa rebolusyonaryong paninindigan, malapit sa masa at praktikal.

Paglililang, pangangasiwa

Walang ipinanganganak na Pula; ang mga kadre ay hindi nahuhubog sa magdamag. Ilang taong karanasan at pag-aaral ang pumapanday sa isang kasama bago maging kadre, hindi ang paglipas ng mga taon ay di rin garantiya na maging mga kadre nga ang mga kasapi. Kailangang maksimisahin ang mga taon sa pamamagitan ng sistematikong pagpapaunlad at pangangasiwa sa kanila.

Makabubuting sa pana-panaho'y itanong ng bawat namumunong organo: "Mayroon ba tayong mahigpit na pagkakakilala ngayon sa mga potensyal at aktwal na kakayahan, kalakasan, kahinaan at kalagayan ng bawat isa sa mga kadreng pinamumunuan natin, kahit man lang sa kagayut na nakabababang

antas?" Sa ganoong kaalaman nagsisimula ang sistematiko at angkop na pagpapauunlad natin sa mga kadre na inaasahan natin ngayon at hahalili sa atin sa hinaharap.

Pangunahing nilalaman ng pagpapauunlad natin sa mga kadre ang pag-iit sa antas ng kanilang kamalayan at paggabay sa kanilang pinaunlad na praktika. Mga sangkap nito ang pormal at impormal na pag-aaral, konsultasyon, bahagian ng karanasan, mga partikular na paglalagom at patnubay. Mahalagang bahagi rin ang pagpapalakas natin sa pagkukusa at kahiligan ng mga kasama sa kolektibo at indibidwal na pag-aaral, ang pagbubunsod sa kanila mismo ng mga pagsisikap para paunlarin ang sarili bilang mga kadre. At dapat maging huwaran ang mga namumunong kadre.

Paborableng kundisyon para rito ang pagtiyak ng mga namumuno na ang pinaunlad na mga kadre'y nakatatanggap ng proletaryong rebolusyonaryong mga babasahin, mula sa Ang Bayan at iba pang lathalaing ng ating Partido, hanggang sa mga akda nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao.

Kasunod ang sistematiko at napapanahong pagtala ng antas ng responsibilidad ng mga kadre. Habang pinaunlad ang kakayahan ng bawat isa, pinalalaki ang paglalarga sa kanyang inisyatiba o inaangat na ang katungkulan niya sa organisasyon. Dapat magmaksimisa ang kanyang kakayahan at malpusisyon siya sa patuloy na pag-unlad. Mahalagang gawin ito nang sistematiko para maiwasan ang nangyayaring matagal na pagsasayang at pagbabansot sa isang umuunlad na kadre at pagkatapos ay biglaang pag-aangat

sa kanya sa trabahong lampas sa obhetibo niyang kakayahan.

Malaki ang pagpapahalaga ng isang Marxista-Leninistang partido sa kanyang mga kadre, sa bawat isang kadre. Kayat pinalalarga ang pagtulong sa kanila, laluna sa mga nahihirapan at nagkakamali. Pangunahin ang pag-alalay na pang-ideolohiya at pampulitika. Sa abot ng makakaya ay pinagpupunyagian din ng Partido na matugunan kahit ang pinakabatayang mga pangangailangan men lamang ng mga kasama.

Malapit na pagkilala, sistematikong pagsasanay at pag-aangat, pagmamaksimisa



sa kanilang kakayahan at potensyal, at pag-aaruga sa mga kadre--lahat ng ito'y usapin ng mahusay na pangangasiwa sa mga kadre. Ang mga kadre sa isang antas ay inaasahang mahusay na mangasiwa at magpaunlad sa mga kadreng nasasaklaw ng kanilang pamumuno, laluna sa loob ng sariling kolektiba sa kagayut na nakababang antas, na siya rin nilang pangunahing kinakatulong at kinokonsulta sa pagpapasulong ng mga gawain.

"Kapos tayo sa tao," ani Lenin, "ngunit mayroon napakalaking bilang ng tao." (Lenin, "Ano ang Dapat Gawin?" Mga Piling Akda, Tomo II.)

Tunay nga, ang ating Partido ay mayroon nang ilampung libong ganap at kandidatong kasapi na may malaking potensyal. Walang dahilan para kapusin tayo sa pwersang paunlarin para manguna at mangasiwa sa praktikal na mga pakikibaka. Walang dahilan para kapusin tayo sa mga hahalili paglaon sa kasalukuyang mga kadre. Walang dahilan para kapusin tayo sa mga kadreng may katatagang pang-ideolohiya para tiyakin ang pananatiling Marxista-Leniniista ng ating Partido.

Nasa paligid na natin ang mga kasamang masari at dapat paunlarin bilang mga kadre sa lahat ng antas ng ating organisasyon. Ang kailangan ay puspuasan at sistematikong pag-aatupag sa tungkulin natin sa kanila at sa Partido.

MAHUSAY NA PANGANGALAGA SA MGA KADRE:

1. Bigyan sila ng pananatnubay, patnubay
2. Itaas ang kanilang antas.
3. Subaybayan ang kanilang gawain, at tulungan silang lagutin ang kanilang karanasan, isulong ang kanilang mga tagumpay at wasto ang kanilang mga pagkakamali.
4. Sa pangkalahatan, gamitin ang paraang mapanghinok sa mga kadreng nagkamali.
5. Tulungan sila sa kanilang mga kahirapan.

MAO ZEDONG

"Ang Papel ng Partido Komunista ng China sa Pambansang Digmaan" (1938).
Mga Piling Akda, Tomo II.



Pakikipagkalakalan ng US

Dominasyong pabulusok

Patuloy na dinodolina ng imperyalismong US ang kalakalang pandaigdig, ngunit mabilis na humihina ang pamamayani nito. Makikita ito sa lumolobong de-pisit sa balanse ng kalakalan ng US, at sa lumiliit na bahagi ng bayang iyon sa kabuuang pag-eksport sa daigdig.

Dominasyon

Mabilis na sumusulong ang US bilang kapangyarihang imperyalista noong mga taong bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa kalakalang panlabas, bahagya lamang itong nalalamangan ng ilan sa naunang mga imperyalistang kapangyarihan sa Kanlurang Europa, gaya ng United Kingdom at Germany. Noong 1937, halimbawa, ang tatlong bayang ito ang humawak sa halos 62 porsyento ng kabuuang pag-eksport ng minamanupak-turang mga kalakal sa daigdig (Germany, 21.8 porsyento; UK, 20.9 porsyento; at US, 19.2 porsyento).

Winasak ng digmaan ng mga imperyalista (Ikalawang Digmaang Pandaigdig) ang Kanluran at Silangang Europa. Durog ang mga pabrika, maging ang buong ekonomya. Samantala, kahit tumatag-kasangkot sa digmaan ang US, ang malaking kalupaan nito ay di nasaling man lang ng gera, at lumarga nang husto ang mga industriya nito.

Walang sinayang na sandali ang US at inagaw ang namumuhong papel sa buong kampong imperyalista.

Noong panahong iyon, naibagsak na ng kilusang sosyalista ang lumang mga kaayusang burges at pyudal sa malaking bahagi ng Europa, partikular sa Silangang Europa. Sumusulong din noon ang mga pakikidigma para sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya ng mga kapangyarihang imperyalista.

Nagbuhos ng tulong ang US sa kanyang mga alyado sa Kanlurang Europa, at pati sa dating kalabang mga bayang gaya ng imperyalistang Japan, kanlurang Germany (napalaya na noon ang silangang Germany at nagsasagawa ng konstruksiyong sosyalista) at Italy.

May kambal-na layunin ang US sa pag-gawa nito na kapwa para sa sarili niyang interes at wala sa alinman ang pagiging

mapagkawanggawa. Gusto niyang konsolida-hin at palakasin ang kampong kapitalista para labanan ang dumadaluyong na rebo-lusyonaryong kilusap (na sa maraming kolonya'y nag-anyo ng mga digma para sa pambansang pagpapalaya) na pinamumunuan ng mga Partido Komunista. Gusto rin niyang siya ang maging pinuno ng kampong imperyalista.

Kaugnay nito, nanguna ang US sa pagta-tatag ng mga institusyong internasyonal gaya ng Mga Bansa ng Nagkakaisa (UN), Bangkong Mundyal (WB), Internasyonal na Pondo sa Pananalapi (IMF), Pangkala-hatang Kasunduan sa Kalakalan at Taripa (GATT) at iba pa. Ang mga ito ay nagail-bing pangkonsolida at pampalakas para sa kapitalistang sistema at sa pamamayani nito sa malawak na mga bahagi ng daigdig, at para rin sa dominasyon ng US sa kam-pong imperyalista.

Sa layuning ito, tinulungan din ng US ang ibang mga imperyalista na magpa-natili ng kontrol sa kanilang mga ko-lonya, sa harap ng mga digmang mapag-palaya ng mga mamamayang kolonisado, o kaya'y tuluyan nang sinalo ng US ang mga kolonyang ito (gaya ng tatlong ko-lonya ng France sa Indochina).

Napakasukab ng imperyalismong US. Kunwa'y ibinabandila ang "malayang kala-kalan," ngunit ang totoo'y ginagamit niya ang lahat ng anyo ng panggugulang, panlilitilang, panggigipit at karamihan upang makalamang at makapagdomina.

Ipinataw niya sa mga kolonya at mala-kolonya ang di pantay na mga kasunduang tumitiyak sa kanyang kontrol sa mga hi-law na materyales at murang paggawa, at sa dambuhalang ganansya mula sa kan-yang pangangalakal at pamumuhunan. Gina-mit niya ang "tulong"--na karamihan ay nasa anyo ng mga pantang--upang pana-tilihin ang kolonyal na kalakalan, pilitin ang mga bayang ito na magbigay ng ligal na proteksyon sa kanyang mga negosyo, at tiyakin ang benta ng kanyang mga kalakal.

Habang umaalalay ang US sa rehabili-tasyon ng mga imperyalistang nakaalyado at nakalaban, ginamit niya ang tulong para kantiin ang dominasyon sa mga bayang

ito. Kinasangkapan pa niya ang "kru-sadang" anti-Komunista para palakasin ang kanyang hegemonya, na nakasuhay naman sa dominasyon niya sa kalakalang pandaigdig. Sa pangangatwiran kailangang bakuran ang mga bansang sosyalista, nakapagtalaga ang US ng pwersa at mga baseng militar sa Kanlurang Europa, sa pamamagitan ng North Atlantic Treaty Organization (NATO). Sa pamamagitan ng pambubuyo ng mga gera, ang mga armas at mga suplay na militar ay naging malaking bahagi ng pakikipagkalakalang panlabas ng US.

Ang malaking bahagi ng mga produkto ng US na inilalahok sa pandaigdigang kalakalan ay mula sa kanyang mga empresa sa ibayong-dagat. Ayon sa isang pagtataya, kung pagsasama-samahin ang lahat ng mga empresang ito, nabubuo nila ang maituturing na pangatlong pinakamayamang bansa sa daigdig.

Gayundaman, sa mga eksport pa lang na nagmumula sa US mismo ay sapat nang nakikita ang kanyang dominasyon sa pandaigdigang pamilihan. Noong 1981, ang kabuuan niyang eksport ay nagkakahalaga ng \$233,739 milyon--katumbas ng halos kalahati na ng pinagsamang eksport ng lahat ng bayang atrasado, na \$556,700 milyon. Ang mga eksport ng US ay 12 porsyento ng kabuuang eksport ng buong daigdig na \$1,977.7 bilyon; di na sinlaki ng dati, pero malaki pa rin para sa isang bansa.

Nakikipagkalakalan ang US sa halos lahat ng bansa, at kanyang kinakalakal ang lahat ng maaaring pagkakitaan (tingnan ang Tsart A).

Ang malaking bahagi ng kanyang ine-eksport ay mga kasangkapang pandigma, mula sa mga eroplano, barko, tangke at bomba, hanggang sa mga baril, bala at pamalit na pyesa. Para maibenta ang mga produktong ito, madalas na nabubuyo ang US ng gera sa pagitan ng ibang mga bayan. Tinatayang \$20 bilyon ang kinikita ng US taun-taon sa pangangalakal ng pananandata.

Nag-eksport pa ang US ng mapaminsalang mga produktong ipinagbabawal sa sariling bayan dahil napatunayang nakalalason sa tao, hayop at pananim. Kabilang sa mga ito ang ilang gamot at pestisidyo.

Pagbulusok

Naabot na ng US ang kanyang ryrok, at papabulusok na siya nitong huling ilang taon. Ipinakikita ito ng sumusunod na ~~na~~ indikasyon:

Una, bagamat patuloy ang paglaki ng kantidad ng eksport ng US hanggang noong 1980, papaliit na ang bahagi niya sa pandaigdigang pamilihan mula pa noong 1950. [Tingnan ang Tsart B.]

Pangalawa, pagpasok ng dekadang 1970, ang pagliit ng bahagi ng US ay di na lang sa pandaigdigang pamilihan kundi umabot na mismo sa pamilihan ng sariling bayan. Higit na lumaki ang kanyang import kaysa sa kanyang eksport--nagsimulang lumobo ang kanyang depisit sa kalakalan [tingnan ang Tsart K]. Naglalaro sa \$40 bilyon ang depisit na ito mula 1977 hanggang 1982, at biglang lumobo sa \$70 bilyon nitong 1983. Mas malala pa ngayong 1984, na tinatayang aabot sa \$120 bilyon.


At pangatlo, pagpasok ng dekadang 1980, di na lang bahagi ng US sa kalakalang pandaigdig ang lumiliit, bumabagsak na rin maging ang kantidad ng kanyang mga eksport. Mula sa eksport noong 1981, bumagsak ito nang 10 porsyento noong 1982 at 1983.

Ang pagbulusok na ito ng kalakalang panlabas ng US ay hindi ~~hanga~~ lamang ng simpleng kapabayaan o ~~pagmamaliit~~ sa patakaran. Nagmumula ito sa maraming salik.

Ang mismong mga bayang imperyalistang tinulungan ng US sa rehabilitasyon pagkatapos na pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ganap nang nakabangon, nakasulong nang malaki sa syensya at teknolohiya at siya ngayong mahigpit na nakikipagkumpitensya sa US. Ang ilan sa mga ito ay nagbenta ng kahambing,

Tsart A: MGA EKSPORT NG U.S. (halaga sa milyong dolar)			
Kategorya	1979	1980	1981
1. Makinarya at Kagamitang Pentransportasyon	70,495	84,629	95,736
2. Iba pang kalakal na minanupaktura	32,100	42,714	42,160
3. Pagkain; Buhay na Hayop	22,231	27,744	30,291
4. Krudong materyales na di nakakain (di kasali ang mga panggatong)	20,756	23,791	20,993
5. Komikal	17,308	20,740	21,187
6. Panggatong na mineral, mga kaugnay	5,621	7,982	10,279
7. Iba pang kalakal at transaksyon	13,285	13,105	13,093

(Pinagmulan ng datos: Departamento ng Komersyo ng US)



kundiman mas mahuhusay, na mga produkto at sa mas mabababang presyo.

Isa pang salik ang pandaigdigang kapitalistang krisis ng sobrang produksyon na nagsimula noon pang *labang* dekada. Libu-libong pagawaan at iba pang empresa ang nabangkrap at kinailangang magsara sa karamihan sa mga bayang kapitalista. Milyun-milyong manggagawa ang nawalan ng trabaho at nananatiling walang empleyo o walang sapat na empleyo. Mas malala pa ang pang-ekonomyang krisis sa mga kolonya at malakolonya sapagkat sila ang pinagpapasan ng bigat ng krisis ng mga imperyalista. Sa kalagayang hikahos ang mga mamamayan, lumiit ang pamilihan para sa mga imperyalistang kalakal, bagay na lalong nagpatindi sa kumpitenyahan ng mga imperyalista.

Isa pang mahalagang salik ang pagsulong sa buong daigdig ng mga pakikibakang anti-imperyalista na, gaya ng nasabi na, ay *may* ~~may~~ *may* ng mga *may* para sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya at malakolonya. Habang dumarami ang mga sambayanang humuhulagpos sa imperyalismo, di na sila napagsamantalahan ng mga imperyalista gaya ng dati.

May iba pang salik na nakapinsala sa pakikipagkalakalang panlabas ng US. Sa pagbibigay ng US ng pangunahing diin sa industriyang pandigma, napabaya

niya ang ilang industriya, at nabigyan ng pagkakataon ang ibang mga bayang imperyalista na makalamang. Ang Japan, halimbawa, ay mahigpit na kakumpitenaya ng US sa pagbebenta ng mga kotse, traktora, mga produktong elektroniko at iba pa, di lamang sa ibang bahagi ng daigdig kundi sa pamilihan mismo sa loob ng US. Ang mga bayan naman sa Kanlurang Europa na nakagrupa sa Pang-Ekonomyang Komunidad ng Europa (EEC, kilala rin bilang "Common Market") ay nakakalamang na sa US sa pagbebenta ng asero (steel) sa loob mismo ng US.

Ayon sa mga ekonomista ng US, ang pagtaas ng halaga ng dolyar kumpara sa pera ng ibang bayan ay *isang* mahalagang salik. Pinatataas nito ang presyo ng mga produkto ng US at pinabababa ang presyo ng mga kalakal mula sa ibang bayang imperyalista.

Habang nagsasapakatan ang mga bayang imperyalista para pagsamantalahan at supilin ang kanilang mga kolonya't malakolonya at para arrahas at agresibong harapin ang mga sambayanang nakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at ang sosyalismo sa pangkalahatan, naglalaman sa mga "gerang pangkalakalan" ang mga bayang ito.

Habang nagsesermon tungkol sa "malayang kalakalan," ang bawat isa sa kanila ay nagpapairal ng iba't ibang tindi ng

BALANSE NG KALAKALAN NG U.S.: PAPALAKING DEPISIT
(milyong dolyar)

	1970	1972	1974	1976	1978	1980	1982	1984*
Mga Eksport	43,224	48,968	97,144	113,323	143,776	220,788	210,000	217,000
Mga Import	39,952	55,282	107,112	128,872	186,044	256,924	252,700	357,000
BALANSE	+ 3,272	- 7,314	- 9,968	-15,549	-42,278	-36,196	-42,700	-120,000

Detos ng: World Bank

Isart K

*Mga tantya batay sa Newsweek

proteksyonismo. Sa kabilang ^{banda} dako, gusto nilang lahat na alisin ng mga kolonya at malakolonya ang anumang marurupok na istrukturang proteksyonistang mayroon ang mga ito, para bahain ng mga imperyalistang kalakal ang mga pamilihan ng mga bayang ito.

Sa ngayon, walang napipintong digmaan sa hanay ng mga bayang kapitalista-imperyalista, na gaya ng una't ikalawang gerang ^{pagpapalit} para sa muling paghahatian nila sa daigdig. Mas nakatuon ngayon ang pansin nila sa pagsupil sa mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya at mga kilusang sosyalista.

Lubog sa krisis na likas sa kapitalistang sistema, nagsisikap na makaraos ang bawat isa sa mga imperyalistang bayan sa pamamagitan ng matinding pagkumpitensyahan at ng pagpapalit pa sa pagsasamantala nila sa mga kolonya at malakolonya.

Kongklusyon

Numero-unong kapangyarihang imperyalista ang US sa daigdig at nangunguna

ito sa iba pang mga bayang imperyalista sa pagsasamantala at panunupil sa mga sambayanan ng daigdig. Sinyal ng paghina ng US ang pagliit ng parte niya sa kalakalang pandaigdig. May bentahe ngang nakukuha ang ibang bayang imperyalista sa pagbulusok na ito ng US, ^{paghihiwalay} paghiit ang paghina sa panig ng US ay tiyak na sumasalamin lamang sa paghina rin ng buong kampong imperyalista.

Habang pinatitindi ng US at ng mga kasapakat niya sa kampong imperyalista ang pagsasamantala't pang-aapi sa mga sambayanan sa mga kolonya at malakolonya, ginagatungan nila ang lagablab ng mga digmang bayan para sa pambansang pagpapalaya, at napahihina ang imperyalismo sa kabuuan.

Ito ang kontradikasyong di matatakas na ng imperyalismong US at ng kanyang mga kakutsaba.

Welgang bayan, lumalaganap

Inilunsad ang mga welgang bayan sa maraming lugar sa Mindanaw at sa probinsyang Bataan sa Gitnang Luzon nitong Nobyembre at Disyembre. Sinalamin ng mga ito at ng iba pang serye ng aksyong masa sa iba pang bahagi ng kapuluan ang pag-igpaw ng kilusang masa sa mismong baluarte ng diktadurang US-Marcos--mga kalunsauren.

Ang pag-igpaw ng kilusang masa sa kalunsauren ay naisalarawan sa mga porma at laman ng mga mobilisasyon, sa pagkakomprehensibo't lalim ng pagdadala ng mga isyu, at sa lapad at lakan ng malawak na kilusang bayag at libis, laluna ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan-istudyante, at maralita ng lunsod.

Inilunsad ang welgang bayan sa buong Mindanaw noong Nobyembre 26-30, at sa Bataan noong Disyembre 10. Sa Mindanaw, sumaklaw ang welga sa 23 pangunahing lunsod at daan-daang munisipalidad, at sumentro sa lunsod ng Davao. Sa lunsod na ito, ganap na naparalisa ang transportasyon, industriya at komersyo sa buong panahon ng welga. Nagsara ang 13 malalaking iskwelahan. Doon at maging sa Bataan, masiglang tinupad ang panawagang suwayin ang otoridad ng reaksyonaryong estado at huwag magpasok ng ani sa mga bayan.

Sa kainitan ng welga, ^{ang} naparalisa rin ang komersyo nang dalawang araw sa lunsod ng Butuan (Agusan del Norte), at nang isang araw sa iba pang malalaking sentro tulad ng lunsod ng Cagayan de Oro (Misamis Oriental), Digos sa probinsyang Davao del Sur at Tagum sa Davao del Norte.

Masigla ang naging partisipasyon ng mga panggitnang pwersa. Buong atensyon na ibinigay ng lokal na mamimili sa welga, at kusang nagsara ang mga tao ng kani-kanilang tindahan, talyer at pwesto sa palengke. Ang mga bukas na tindahan ay kusang di binilihan ng mga mamimili.

Sa Bataan, 90 porsyento ng normal na aktibidad ng probinsya ay naparalisa--ang pagpasok ng mga manggagawa, ^{estudyante} estudyante't ^{guro} guro at ^{magulang} magulang, pagpasada ng mga drayber, magsasaka, pangangisda at pagtitinda. Pinasimulan ang welga sa pamamagitan ng mga noise barrage sa madaling-araw, pagbabarikada at maliliit na rali. Masiglang-masiglang lumahok ang mga mamamayan sa mga aktibidad ng welgang bayan at sa mga diskusyon kung paano ibabagsak ang diktadurang US-Marcos at paano dapat ang pamumuhay ng mga Pilipino.

Sa Davao, ang welga ng 2,000 drayber ng dyip at bus, ang maliit na martas ng mamamayan at pagbabarikada sa pangunahing mga lansangan ang nag-umpisa ng welga. May 6,000 ang palagiang pwersa

proteksyonismo. Sa kabilang ^{lunda} dako, gusto nilang lahat na alisin ng mga kolonya at malakolonya ang anumang marurupok na istrukturang proteksyonistang mayroon ang mga ito, para bahain ng mga imperyalistang kalakal ang mga pamilihan ng mga bayang ito.

Sa ngayon, walang napipintong digmaan sa hanay ng mga bayang kapitalista-imperyalista, na gaya ng una't ikalawang gerang ^{managay} para sa muling paghahatian nila sa daigdig. Mas nakatuon ngayon ang pansin nila sa pagsupil sa mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya at mga kilusang sosyalista.

Lubog sa krisis na likas sa kapitalistang sistema, nagsisikap na makaraos ang bawat isa sa mga imperyalistang bayan sa pamamagitan ng matinding pagkukumpitensyahan at ng pagpapatindi pa sa pagsasamantala nila sa mga kolonya at malakolonya.

Kongklasyon

Numero-unong kapangyarihang imperyalista ang US sa daigdig at nangunguna

ito sa iba pang mga bayang imperyalista sa pagsasamantala at panunupil sa mga sambayanan ng daigdig. Sinyal ng paghina ng US ang pagliit ng parte niya sa kalakalang pandaigdig. May bentahe ngang nakukuha ang ibang bayang imperyalista sa pagbulusok na ito ng US, ^{pagunit} ang paghina sa panig ng US ay tiyak na sumasalamang lamang sa paghina rin ng buong kampong imperyalista.

Nabang pinatitindi ng US at ng mga ^{karapakat} niya sa kampong imperyalista ang pagsasamantala't pang-sapi sa mga sambayanan sa mga kolonya at malakolonya, ginagatungan nila ang lagablab ng mga digmang bayan para sa pambansang pagpapalaya, at napahihina ang imperyalismo sa kabuuan.

Ito ang kontradiksyong di matatakasang ng imperyalismong US at ng kanyang mga kakutsaba.

Welgang bayan, lumalaganap

Inilunsad ang mga welgang bayan sa maraming lugar sa Mindanaw at sa probinsyang Bataan sa Gitnang Luzon nitong Nobyembre at Disyembre. Sinalamang ng mga ito at ng iba pang serye ng aksyong masa sa iba pang bahagi ng kapuluan ang pag-igpaw ng kilusang masa sa mismong baluarte ng diktadurang US-Marcos--mga kalunsauren.

Ang pag-igpaw ng kilusang masa sa kalunsauren ay naisalarawan sa mga porma at laman ng mga mobilisasyon, sa pagkakomprehensibo't lalim ng pagdadala ng mga isyu, at sa lapad at lakas ng malawak na kilusang hayag at lihim, laluna ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan-istudyante, at maralita ng lunsod.

Inilunsad ang welgang bayan sa buong Mindanaw noong Nobyembre 26-30, at sa Bataan noong Disyembre 10. Sa Mindanaw, sumaklaw ang welga sa 23 pangunahing lunsod at daan-daang munisipalidad, at sumentro sa lunsod ng Davao. Sa lunsod na ito, ganap na naparalisa ang transportasyon, industriya at komersyo sa buong panahon ng welga. Nagsara ang 13 malalaking iskwelahan. Doon at maging sa Bataan, masiglang tinupad ang panawagang suwayin ang otoridad ng reaksyonaryong estado at huwag magpasok ng ani sa mga bayan.

Sa kainitan ng welga, ^{ang} naparalisa rin ang komersyo nang dalawang araw sa lunsod ng Butuan (Agusan del Norte), at nang isang araw sa iba pang malalaking sentro tulad ng lunsod ng Cagayan de Oro (Misamis Oriental), Digos sa probinsyang Davao del Sur at Tagum sa Davao del Norte.

Masigla ang naging partisipasyon ng mga panggitnang pwersa. Buo ang atensyon na ibinigay ng lokal na mamidya sa welga, at kusang nagsara ang mga tao ng kani-kanilang tindahan, talyer at pwesto sa palengke. Ang mga bukas na tindahan ay kusang di binilihan ng mga mamimili.

Sa Bataan, 90 porsiyento ng normal na aktibidad ng probinsya ay naparalisa--ang pagpasok ng mga manggagawa, ^{istudyante't guro} ~~istudyante't guro~~ at ^{magulang} ~~magulang~~, pagpasada ng mga drayber, magsasaka, pangangisda at pagtitinda. Pinasimulan ang welga sa pamamagitan ng mga noise barrage sa madaling-araw, pagbabarikada at maliliit na rali. Masiglang-masiglang lumahok ang mga mamamayan sa mga aktibidad ng welgang bayan at sa mga diskusyon kung paano ibabagsak ang diktadurang US-Marcos at paano dapat ang pamumuhay ng mga Pilipino.

Sa Davao, ang welga ng 2,000 drayber ng dyip at bus, ang maliit na martso ng mamamayan at pagbabarikada sa pangunahing mga lansangan ang nag-umpisa ng welga. May 6,000 ang palagiang pwersa

sa tatlong pangunahing barikada sa lunsod. Isa rito ang di nakayanang buwagin ng militar sa buong panahon ng welga. Tatlong ulit naman nilang binuwag ang isang barikada. ^{Wag} nit tuwing mabubuwag, napaalitan ang mga welgista ng mas marami pa sa dating bilang na binuwag ng militar. Nagtayo rin ng maliliit na barikada ang mamamayan sa kani-kanilang mga komunidad.

Pinamunuan ang welga sa Mindanao ng mga balangay ng Coalition of Organizations for the Realization of Democracy (CORD) at Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy (NAJFD) at ng 42 organisasyong kaanib sa dalawa.

Sa Bataan, ang mga namuno ay ang Malayang Katipunan ng mga taga-Bataan (MAKABAYAN), Nuclear-Free Bataan Movement (NFBM), Alyansa ng Manggagawa sa Bataan (AMBA-BALA), Bataan Alliance of Students in Action (BALSA), at Partnership of Enlightened Religious and Lay for Active Service (PERLAS). Nagpadala rin doon ng mga kinatawan ang NAJFD, Nuclear-Free Philippines Coalition (NPPC), Task Force Detainees (TFD), at Alliance of Concerned Teachers (ACT).

Di naging balakid sa welgang bayan ang ~~pagpapasyon~~ ng militar. Sa Davao, nakot ito ng mga tangke at hinawakan ang pagtatrapik, nanghuli ng mahigit 400, nambuwag ng mga barikada, nagsona ng mga komunidad, naniril at naniripa ng mga bahay. Ang pagpatay ng militar sa ilang tao at pagkakarresto sa ilang lider ng welgang bayan ay lalong nagpaalab sa mamamayan at nagpasigla sa welga. Sa Bataan, hinabol ng mga welgista ang dalawang pulis na nagtangkang buwagin ang barikada nila.

Krusyal sa tagumpay ng welgang bayan ang paspusang paglalagom sa mga nakaraang mobilisasyon, maingat na pagpapalano, malawak na propagandang isinagawa ng pwersa ng kabataan at istudyante, ang paglahok ng panggitnang pwersa, at ang kakayahang magtanggol ng nakikibakang mamamayan.

Nagtapos ang welgang bayan sa syudad ng Davao noong Nobyembre 30 sa pamamagitan ng martsa't rali ng 13,000. Rumurok naman ang welgang bayan sa Bataan sa martsa't rali ng 18,000 sa Kampo Tolentino sa kabisera ng probinsya, Balanga. Bukod sa pakikipagkaisa sa pagwawakas sa diktadurang US-Marcos, nagpahayag ang di tilan sa mga lumahok ng suporta sa Bagong Hukbong Bayan at sa armadong pakikibaka.

Samantala, sumulong ang mga Labkayan sa Bulacan, Quezon at Negros Occidental.



Binoykot naman ng 22 organisasyon ng mga abugado ang paglilitis ng mga korte sa Metro Manila at lunsod ng Davao bilang protesta sa kawalan ng katarungan sa bansa at sa pagpapatuta ng mga korte sa diktador na si Marcos. Kabilang sa sumuporta sa boykot ang mga abugado sa mga lunsod ng Cebu, Bacolod, Iloilo at Baguio. May tanyang nagboykot ang 80 porsyento ng kaniwang bilang ng mga abugadong dumadalo sa mga paglilitis sa mga korte ng Metro Manila. Tinapos ang boykot ng martsa-piket sa Korte Suprema sa Manila noong Disyembre 10, pandaidigang Araw ng mga Karsapatan ng Tao.

Noong araw ding iyon, 20,000 ang nagdemonstrasyon sa Kampo Aguinaldo, punong himpilan ng reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP), sa Metro Manila, na marahas namang sinupil ng pasistang militar. Nagmartsa sa mga lansangan ng Metro Manila ang mga pambansang minorityang galing sa Kordilyera, Gitnang Luzon, Timog Luzon at Mindanaw pagkaraan ng dalawang araw.

Piniket ng pwersang antidiktadura ang mga ahensya at instalasyon ng imperyalismong US. Nagpiket sa upisina ng Joint US Military Advisory Group (JUSMAG), sa Metro Manila ang pwersa ng CORD at League of Filipino Students (LFS) noong Disyembre 13; sa harap ng embahada ng US sa Maynila ang pwersa ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at ng LFS; at sa tarangkahan ng Clark Air Base ang 7,000 mamamayang pinamunuan ng Pinag-isang Gitnang Luzon sa Adhikain ng Sambayanan (PIGLAS) noong Nobyembre 30.

Pinaghahandaan ang higit na marami pang aksyong masang antidiktadura sa unang kwarto ng 1985.

Timog Katagalugan

Nasamsam ng mga Pulang gerilya ang 36 na malalakas na armas at isang kalibrenghang .30 maseinggan sa dalawang reyd sa Quezon at Laguna sa Timog Katagalugan noong Oktubre at Nobyembre.

Noong Nob. 24, nireyd ang detachment ng 42nd Infantry Battalion (IB) sa Dugawan Central, Guinayangan, Quezon. Ito ang unang taktikal na opensiba ng BHB mula nang pinatigdas ng kaaway ang lugar noong 1982. Nakakumpiska ang mga Pulang gerilya ng 21 M16, anim na Garand, isang M79 at isang kalibre-.30 maseinggan at iba pang kagamitang pandigma. Ito ang pinakamalaki nang kumpiskasyon sa Timog Luzon.



SIMMOG ng mga gerilya ang kampo ng kaaway na nireyd sa Guinayangan: pinakamalaking TO sa Timog Luzon.

Ang karamihan sa mga tropa at upisyal ay nasa kalapit na sabungan nang ^{munisipal} ang pwersa ng BHB. Madali silang nagapi ng mga Pulang gerilya dahil nasa kampo ang kanilang armas. Ang iba sa sabungan ay naghubad agad ng kanilang mga uniforme. Sa kampo, lisa lamang ang armado't nakapagpaputok at nagtakbuhan ang mga sundalo. Isinagawa ang opensiba sa panahong lumalarga ang kampanyang protesta laban sa pamamasistang kaaway sa buong Quezon.

Noong Oktubre 14, nireyd ng isang yunit ng BHB ang munisipyo ng Liliw, Laguna. Nasamsam dito ang apat na M16, isang Garand, dalawang karbin, pistola, mga bala, radyong transmitter at iba pang kagamitang militar. Natapos ang reyd nang walang putukan at sa loob lamang ng limang minuto. Pinalakpakan ng mga nakasaksi ang mga Pulang mandirigma at inihatid pa sila ng isang nagdadaang motorista hanggang sa isang lugar.

GNP, lumilit

Ang kabuuang pambansang produkto (gross national product o GNP) ng unang siyam na buwan ng 1984 ay mas mababa nang 5.2 porsiyento sa GNP ng kahambing na panahon noong 1983.

Walang anumang indikasyon para mabago ang tunguhing ito ngayong huling kwarto ng taon. Ibig sabihin, sa kauna-unahang pagkakataon mula nang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay lumilit, imbis na luma-laki, ang GNP.

Malaking salik sa pangyayaring ito ang 8-porsyentong pagbagsak ng produksiyong industriyal habang 1.8 lang ang inilaki ng produksiyong agrikultural, mula Enero hanggang nitong Setyembre.

Laganap ang pagsasara at malawakang pagsicisante sa mga empresa. Noong unang kwarto ng 1984, may isang milyon ang pinatalsik sa trabaho. Sa buod, pinakagrabe sa may 40 taong nagdaan ang naging takbo ng buong ekonomya.

Samantala, inaprubahan ng International Monetary Fund (IMF) ang \$609-milyong pautang na mahigit isang taon nang ipinagmamakaawa ng rehimeng Marcos. Tinataya ng mga ekonomista na ang bulto ng pautang ay pupunta lang sa pagbabayad ng interes sa P26.5-bilyong utang panlabas ng Pilipinas. Tuluy-tuloy na debalwasyon ng piso at pagtataas ng mga buwis ang ilan sa mga implisasyong nakakabit sa pautang ng IMF. Mga implisasyong ibayong nagpapalala sa krisis ng ekonomya at sa paghihirap ng mamamayan.

Detinidong Bilanggong pulitikal

Inilunsad sa kauna-unahang pagkakataon sa bayag na pakikibaka ang Linggo ng mga ^{Detinidong} Pulitikal nitong Disyembre 1-7. Bahagi ito ng antidiktadurang kampanyang masa na nagpatampok sa anibersaryo ng mga karapatan ng tao sa buong mundo (Human Rights Day) noong Disyembre 10.

Sumentro ang Linggo ng mga Detinidong Pulitikal sa pagbabatikos sa represyon ng rehimeng US-Marcos. Inilulat ng Task Force Detainees (TFD), isang organisasyong naglilingkod sa mga detinidong pulitikal at sa lahat ng biktima ng pasismo, na sa 12 taong paghaharing militar, di bababa sa 11,000 kaso ng pasistang pang-aabuso at pandarahas ang isinagawa ng rehimen, na sa bawat araw

ngayon ay may 14 na mamamayang pina-
patay, tinotortyur o ikinukulong; at
mayroon pang mahigit 1,000 bilanggoang
pulitikal sa buong bayan.

Tampok sa mga pagkilos sa Metro Manila
ang sumusunod: piket ng 36 na anak ng
mga detinidong pulitikal sa may tulay
ng Mendiola na malapit sa Malakanyang;
motorcade-rally na lumibot at kumumusta
sa mga detinido sa mga bilangguan ng
rehimen; unang muling-pagtitipon ng mga
dating detinido; at eksibisyon ng mga
painting ng mga detinido na nagpapa-
hiwatig sa mga nasa labas ng bilangguan

ng diwa't prinsipyo ng mga detinido.

Sa syudad ng Baguio, nagpiket ang
200 mamamayan noong Disyembre 6 sa Kampo
Dangwa. Iginilit nilang palayain ang mga
detinidong pulitikal, tigilan ang lahat
ng pang-aabusong militar, at patalsikin
ang pasistang militar mula sa Hilagang
Luson. Sumuporta ang aksyong protesta
sa pag-aayuno na inilunsad ng mga deti-
nido mula noong Nobyembre 27.

Nagtipun-tipon din ang mga dating
detinido sa lunsod ng Cebu.

INTERNASYONAL

SWAPO, kinotigan

Sa botong 128-0, sinuportahan
ng Pangkalahatang Asambleya ng United
Nations (UN) ang armadong pakikibaka
ng mamamayan sa Namibia "sa ilalim ng
pamumuno ng Organisasyon ng Mamamayan
ng Southwest Africa (SWAPO)," at nana-
wagan sa pagpapalayas sa nananskop na
rasistang rehimeng South Africa sa isang
bahagi ng Namibia.

Malakas ding kinendena ng UN ang ma-
pamersisyong mga gawa ng dayuhang interes
sa mga Namibiano, at ang pagsasabwatang
nukleyar ng South Africa, Israel, United
States at iba pang kapitalistang bayan.
Labinlimang kapitalistang bayan, kasama
ang US, ang hindi nagharap ng boto
(abstained).

Nagpasya rin ang Asambleya na mana-
wagan para sa ganap na pagpuksa sa pata-
karang apartid (apartheid--ang patakarang
ipwera ang mga itim sa buhay panlipunan
ng kanilang bayan) ng puting rehimen
sa South Africa. Muling di nagharap ng
boto ang US dahil binabatikos sa reso-
lusion ang pakikipagtulungan nito sa
rasistang gubyrerno.

Tortyur ng US

Inilantad at tinuligsa ng Amnesty
International (AI), isang pandaigdigang
organisasyon para sa karapatan ng tao,
ang isang regulasyon sa US na pumapayag
sa pag-eksport ng mga kasangkapan para
sa pagtotortyur. Partikular na tinutulan
ng AI ang alituntuning nagpapahintulot
sa di lisensyadong pag-eksport ng mga
ito sa mga bayang ang gubyrerno ay regu-
lar na nagtotortyur sa mamamayan, gaya
ng sa Turkey.

Ibig magpalusot ng gubyrerno ng US.
Anito'y may depekto lang daw sa isang
pormulasyon sa regulasyon.



India

Namatay ang 2,500 at napinsala ang
125,000/pang-iba sa India nitong Disyem-
bre 2 nang sumingaw ang nakakalasong
gas sa planta ng Union Carbide sa Bhopal,
sa bayang iyon.

Kumalat sa 1,800 ektaryang lupain
ang gas na nagmumula sa planta ng pes-
tisidyo. Patay agad ang mga napuruhan,
ang iba'y nabulag samantalang ang ma-
raming iba pa ay nagsiputok ang balat
sa grabeng singaw at sugat.

Iginigili ng mga biktima at pamilya
ng biktima na magbayad ang Union Carbide
ng \$50 bilyon. Ang korporasyong ito ay
isa sa pinakamalaking transnasyunal ng
US. Ika-37 sa pangunahing 500 korp-
rasyon sa US at may kabuuang ari-ariang
nagkakahalaga ng \$10.2 bilyon.

Sa artikulong tungkol kay Marcos

Tungkol sa artikulong "Ferdinand Marcos: Papet na Pasistang Diktador" (AB, Setyembre 1984), nais kong ibahagi ang sumusunod na mga obserbasyon:

1. Mabuti siguro kung nakapagpasok tayo ng isa o dalawang talata tungkol sa kung bakit nakagawian na ng imperyalismong US ang pag-aalaga ng mga diktador sa kanyang mga malakolonya. Sa ganito, ang katotohanang si Marcos ay isang papet na pasistang diktador sa pangkalahatang hulma nina Suharto, Pinochet, atbp., ay naisipaliwanag sana bilang isang kinailalang tunguhing nagtatakda ng pulitika ng imperyalismong US kaugnay ng mga di maunlad na bansa, sa halip na magmukhang isang simpleng serye ng mga papet na diktador.

2. Sa unang talata ng artikulo, mas mabuting sabihing "kasabwat ang imperyalismong US, itinatag ni Marcos ang sarili bilang pasistang diktador noong 1972." Ang sinabing "converted into...a dictator" (sa edisyong Inggles) ay nagpapahiwatig na siya'y tagasunod lang sa isang aksyong sa katanaya'y may malaki rin siyang papel.

3. Sa ikanim na talata, pahina 9. Hindi "napalitan" ng pangkating Marcos ang dating mga naghaharing angkang kumprador-panginoong maylupa. Katunayan, umiiral pa ang mga angkang ito, bagamat ang ilan sa kanila ay inagawan ng ari-arian sa pagkakapataw ng diktadura.

4. Sa ikalawang talata, pahina 12. Dapat ay di natin sabihing "Habang tumatagal sa poder ang pangkating Marcos, lalong nagiging matabang lupa ang lipunang Pilipino para sa pagyabong ng rebolusyon." Ang batayang punto rito ay ito: sa negatibong halimbawa, ang diktadura mismo ang pinakamabusay na guro sa pangangailangan ng armadong rebolusyon. Hindi sa kung gaano ito katagal sa poder. Ang pormulasyon (sa artikulo) ay nagbibigay ng maling impresyon na hinahangad nating magtagal pa sa poder si Marcos para sa ibayo pang pag-igting ng rebolusyon. Parang kahawig nito ang paniniwalang anarkista na nakabubuti diumano sa rebolusyon ang mas matagal na pag-iral ng pang-aapi.

5. Mungkahi ko na maging maingat tayo sa paggamit ng mga salitang "matagumpay" at "nagkataong siya ang nakaupo" ("fortuitously" sa edisyong Inggles) na pwedeng makalito sa ordinaryong mambabasa. Nasa ikawalong talata, pahina 9 ang mga salitang ito.

Ka Pat

Maraming salamat sa iyong sulat. Sumusunod ang aking sagot (magkakatatag ang mga bilang):

1. Ang naging problema namin'y may nakaprograma kaming dalawang "magkakambal" na artikulo--isa tungkol kay Marcos lamang at isa pa tungkol sa pangkating Marcos-- para sa magkasunod na isyu ng Setyembre at Oktubre. Para hindi maulit ang mga punto, sinabuti naming talaksayin sa artikulo tungkol sa pangkating ang pagtatatag ng imperyalismong US ng mga pasistang rehimen sa mga kliyanteng-estado nito tulad ng Pilipinas. Pakitingnan ang isyu ng Oktubre para sa natirang artikulo ("Pagsiket at Paglebog ng Pangkating Marcos"), pahina 7-10.

2. Tama ka. Sa katawan naman ng artikulo'y tinukoy naming malaki ang papel ni Marcos mismo sa pagtatatag ng sarili bilang pasistang diktador, at matagal-tagal din niyang pinaghandaan ito.

3. Tanggap namin ang punto mo. Ang ibig naming sabihin'y sa pagpapataw ng batas militar (at magpapaligang ngayon), ipinawala ni Marcos sa pampulitika't pang-ekonomiyang poder ang kanyang mga karibal na kumprador-panginoong maylupa, at sinerili ni Marcos at kanyang pangkatin ang poder.

4. Nakapagbigay ba kami ng ganong impresyon? Sobra na nga ang pagiging terorista't uhaw-sa-dugo ng pasistang diktadura. At sa kanyang katangian, malamang na lalala pa ito habang desperadong nagtatangkang makaalpas mula sa sariling krisis sa ekonomya at pulitika. Siyanga pala, sa "Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan," sinabi ni Kasamang Amado Guerrero na sa negatibong halimbawa'y tumatayo si Marcos bilang pinakamabusay na guro ng samahang tungkol sa estado at rebolusyon. Sa bahagi ring iyon, sinabi niyang: "Habang tumatagal sa poder (ang pasistang diktadura), nagiging mas mataba ang lupa para sa ating digmang bayan."

5. Sa halip na "matagumpay," mas mabuti nga siguro ang isang pang-uring may negatibong konotasyon tulad ng "tuso." Pero sa isang pagtingin ay "matagumpay" din naman niyang naitatag ang sarili bilang diktador, di ba? Tungkol sa salitang "fortuitously," sa tingin namin'y wasto ang pagkakagamit. Ang unang kahulugan ng salitang ito sa Webster's Ninth Collegiate Dictionary ay "occurring by chance," at ibinibigay na singkahulugan ang "accidental." Sa bahaging iyon ng artikulo, nais naming ipakita ang aksidental ang papel ng indibidwal (sa kasong ito, ni Marcos) sa masalimuot na pang-ekonomya, pampulitika't panlipunang pagbabago sa isang lipunan. Tingnan ang sinipi mula kay Frederick Engels sa parehong artikulo.